



# MANINDIGAN LABAN SA *TORTURE*

ISANG GABAY SA PAGKAMIT  
NG HUSTISYA SA PILIPINAS

**STOP** ~~TORTURE~~

AMNESTY  
INTERNATIONAL





## ACRONYM NG MGA INSTITUSYON

CSC	Civil Service Commission (Komisyon ng Serbisyo Sibil)
CHR	Commission on Human Rights (Komisyon ng Karapatang Pantao ng Pilipinas)
IAS	Internal Affairs Service
NAPOLCOM	National Police Commission
NPS	National Prosecution Service
NGOs	Non-governmental organizations
PLEB	People's Law Enforcement Board
PNP	Philippine National Police (Pambansang Pulisya ng Pilipinas)

# 1. PANIMULA



**Kung ikaw ay sinadyang saktan o pahirapan sa anumang paraan, pinarusahan, tinakot o pinagbantaan ng isang tao mula sa gobyerno o ng sinumang may kapangyarihan upang makakuha ng impormasyon o ng pag-amin ng kasalanan, ikaw ay tinorture.**

**Ito ay ilegal sa lahat ng pagkakataon, at sa ilalim ng batas ng Pilipinas at *international law*, ikaw ay may karapatan sa hustisya, bayad-pinsala o "danyos", at iba pang uri ng lunas.**

**Hindi garantisado ang tagumpay sa paghahain ng reklamo, ngunit ito ang tanging paraan upang makamit ang katarungan.**

Dinisenyo namin ang gabay na ito upang tulungan kang maintindihan ang mga institusyong maaaring lapitan ng sinumang tinorture – kabilang na ang mga positibo at negatibong aspeto ng bawat isa, at prosesong pagdadaan para sa paghahain ng reklamo.

Bagaman nakatutok ito sa pang-aabuso ng mga pulis, may mga institusyon gaya ng National Prosecution Service (NPS), Office of the Ombudsman, Civil Service Commission (CSC) at Commission on Human Rights (CHR) na sakop din ang pang-aabusong dulot ng mga opisyal ng *militaryo* iba pang mga awtoridad. Isinama rin namin dito ang listahan ng mga *non-governmental organizations* (NGOs) na maaaring tumulong sa iyong paglalakbay patungo sa katarungan.

## 2. ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN



**Ang batas sa Pilipinas at *international human rights law* ay nagbibigay ng partikular na proteksyon para sa lahat ng tao sa panahon ng paghuli o aresto, detensyon o pagkakulong, pagtatanong, at proseso ng paghuhukom. Ito ay tinatawag na mga pananggalang o *safeguards* at sakop nito ang mga sumusunod:**

**Aresto** – Mga pulis lamang ang maaaring humuli sa iyo. Sa ilang pagkakataon, maaaring gawin ang *citizen's arrest*, o ang paghuli sa isang tao sa akto ng isang krimen nang walang mandamiento de arresto (*warrant of arrest*). Karapatan mong malaman ang mga dahilan sa pag-aresto sa iyo, at ang iyong mga karapatan habang nasa pag-iingat ng mga pulis. Karapatan mong ipaalam sa pamilya mo at sa ibang tao, kabilang ang isang abugado, kung nasaan ka. Kailangang ingatan ng kapulisan ang opisyal na *record* ng iyong aresto.

**Detensyon o Pagkakulong** – Karapatan mong mabisita ng iyong mga kamag-anak, at magkaroon ng isang abugado. Karapatan mong magkaroon ng pangangalagang-medikal. Makatao dapat ang pag-trato sa iyo at kailangang mapanatiling marangal ang kundisyon ng iyong pagkakakulong.

**Pagtatanong** – Karapatan mong hindi ma-torture (o makaranas ng malupit, mapang-alipusta, at di makataong pagtrato o parusa, na kung tawagin sa kabuuan ay *ill-treatment*) habang tinatanong. Karapatan mong makasama ang iyong abugado habang tinatanong, at makatanggap ng serbisyong medikal sa buong proseso. Kailangang ingatan at itago ng kapulisan ang opisyal na *record* ng buong sesyon ng pagtatanong sa iyo.

**Korte/Ang Proseso ng Paghuhukom** – Karapatan mong makaharap agad ang isang piskal o hukom. Mayroon kang karapatang hamunin kung alinsunod ba sa batas ang iyong detensyon o pagkakulong. Ang mga pahayag na nakuha sa pamamagitan ng *torture* o di makataong pagtrato ay hindi dapat payagan sa hukuman, maliban na lamang kung ito ay bilang ebidensya na ikaw ay tinorture.

# 3. SAAN MAAARING MAGREKLAMO





Maaari mo lamang makamit ang katarungan sa pamamagitan ng pagrereklamo. Gayunpaman, kailangan ay alam mo rin ang mga panganib na maaari mong harapin kung magpa-file ka ng reklamo, kabilang na ang pananakot mula sa taong nang-torture sa iyo.

Kung nais mong maghain ng reklamo para sa *torture* o di makataong pagtrato, mayroon kang walong pagpipilian: ang apat ay may kinalaman sa reklamo laban sa pulis, at ang apat na iba pa ay mga institusyong tumutugon sa mas malawak na uri ng mga reklamo ng pang-aabuso.

Maaari kang maghain ng **kasong kriminal** (*criminal case*) na may kalakip na **danyos** (*civil element for compensation*) para sa mga pinsalang iyong natamo. Kung ayaw mong sumailalim sa isang kriminal na paglilitis (*criminal trial*), maaari kang maghain na lamang ng **kasong sibil** (*civil case*). Kung ang tanging nais mo ay ang ma-suspende o ma-dismiss sa trabaho ang mga pulis na may kinalaman sa iyong kaso, maaari kang maghain ng **kasong administratibo** (*administrative case*).

Bago ka pumili sa mga institusyong ito, maaari kang pumunta sa CHR na siyang makakatulong sa iyo upang mangalap ng ebidensiya at pumili ng naaangkop na institusyon kung saan ka maaaring magreklamo.

**Administratibo** (*Administrative*) – Maaari kang maghain sa alinman sa mga institusyong ito: Philippine National Police (PNP) Command, Internal Affairs Service (IAS), National Police Commission, People’s Law Enforcement Board (PLEB), Office of the Ombudsman, Civil Service Commission at Commission on Human Rights (CHR). Ang bawat institusyon o “*accountability body*”, maliban ang CHR, ang nagdedesisyon ng iba’t-ibang parusang administratibo, kabilang na ang mula sa 60 araw na suspensyon o pagpapaalis mula sa serbisyo ng taong nang-abuso sa iyo.

**Kriminal** (*Criminal*) – Sa batas ng Pilipinas, ang *torture* ay isang krimeng maaaring parusahan sa ilalim ng *Anti-Torture Act*. Ang hanay ng mga parusa para sa mapapatunayang may gawa nito ay nag-iiba batay sa bigat ng krimen. Ang Internal Affairs Service (IAS), Office of the Ombudsman, at ang NPS ay naatasan upang magsiyasat sa mga kaso ng *torture*.

**Sibil** (*Civil*) – Ito ay direktang ihinahain sa korte.

Tandaan mong bawal maghain ng parehong uri ng reklamo nang sabay sa higit sa isang ahensiya—maaari itong magresulta sa di pagdinig sa iyong kaso, ayon sa *"no forum shopping rule"*. Hindi saklaw ng panuntunang ito ang CHR. Maaari kang maghain ng isang kasong administratibo at isang kasong kriminal sa harap ng pareho o magkaibang institusyon, ngunit hindi ka maaaring mag-file ng iyong kasong administratibo nang magkasabay (halimbawa, sa Civil Service Service Commission at Philippine National Police Command).

Kung ikaw ay nakaranas ng *torture* at nasa bilangguan pa sa ngayon, maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa pamamagitan ng isang abugado, *human rights NGO*, o sa tulong ng mga opisyal ng CHR na may mandatong regular na bumisita sa mga kulungan at bilangguan (*detention facilities*).

# **MGA INSTITUSYONG NAKATUTOK SA KAPULISAN**

**PHILIPPINE NATIONAL POLICE COMMAND**

**INTERNAL AFFAIRS SERVICE**

**NATIONAL POLICE COMMISSION**

**PEOPLE'S LAW ENFORCEMENT BOARD**

# PHILIPPINE NATIONAL POLICE COMMAND

**Ang Philippine National Police (PNP) Command ay ang istrukturang sumusuporta at namamahala sa trabaho ng kapulisan sa bansa.**

## POSITIBO

**Agarang lunas** – Maaaring suspindihin ng PNP Command ang mga miyembro sa hanay nito habang hinihintay ang resulta ng imbestigasyon.

**Madaling mapuntahan** – Maaaring maghain ng reklamo sa mga opisina sa rehiyon, probinsya, lungsod o munisipyo. Nagtakda rin ang PNP ng mga *human rights desk* sa iba't ibang antas ng PNP Command, kabilang na ang lungsod at munisipyo.

## NEGATIBO

**Nakakalito** – May mga magkakatulad na saklaw ng kapangyarihan at klasipikasyon ang PNP sa mga institusyong dumidinig ng mga reklamong may kinalaman sa kapulisan, kaya hindi agad malinaw kung saan at paano maghain ng kaso.

**Maaaring maging mapanganib** – Malalaman ng mga kinauukulan sa loob ng PNP kung sino ang naghain ng reklamo. Maaari kang hindi magpakilala o hindi

lumagda sa isang *anonymous* na reklamo, ngunit kapag pinili mong magbigay ng sinumpaang salaysay (*sworn affidavit*), hindi malinaw ang proteksyon para sa iyo at iyong mga saksi.

## PROSESO

Ang pangunahing proseso ay pare-pareho para sa lahat ng mga institusyon na may kinalaman sa kapulisan.

Ang magaan na mga kaso ng pagkakasala (*light offences*), kabilang na ang ilang paraan ng di makataong pagtrato, ay ihinahain sa harap ng lokal na hepe ng pulisya at ng mayor ng munisipyo/lungsod. Ang mga mabibigat na kaso gaya ng *torture* ay ihinahain sa harap ng People's Law Enforcement Board (PLEB) at ng Internal Affairs Service (IAS). Gayunpaman, walang pumipigil sa iyo na magpunta sa anumang istasyon ng pulis upang mag-file ng reklamo, na dapat nilang i-refer sa tamang institusyon.

Ang mga reklamong may pinakamabigat na parusa na *summary dismissal* mula sa serbisyo ay maaaring isampa sa harap ng PNP regional directors, hepe ng PNP, o ng National Police Commission (NAPOLCOM). Saklaw ng *summary dismissal* ang mga

sumusunod na pangyayari: kung ang akusasyon ay seryoso at malakas ang ebidensya ng pagkakasala; kapag ang inaakusahan ay paulit-ulit nang naparatangan at may makatwirang basehan upang paniwalaan na siya ay may kasalanan; o kapag ang akusado ay 30 araw nang tuluy-tuloy na *absent* na walang opisyal na pahintulot (*leave of absence*) mula sa serbisyo.

Maaari kang maghain ng iyong reklamo sa pamamagitan ng pagkukuwento ng pangyayari o pagsusulat ng isang salaysay (*written or verbal complaint*) sa opisina ng pulisya na may sakop sa lugar kung saan nangyari ang *torture*. Maaari mo itong gawin nang hindi nagpapakilala kung mayroon kang katibayan para sa iyong mga paratang. Kung naghain ka ng reklamo sa pamamagitan ng pagsasalaysay o *verbal complaint*, hihingan ka pa rin ng sinumpaang salaysay sa susunod na pagkakataon. Sa sandaling ang reklamo ay nasuri na ng pulis, maaari itong: maibasura dahil sa kakulangan ng katibayan, mai-refer sa naaangkop na awtoridad na magdidisiplina sa akusado (*disciplinary authority*), mai-refer sa isa pang awtoridad ng pamahalaan bilang isang karaingan/kahilingan para sa tulong, o mairekumenda para sa isang *summary hearing*. Ang inakusahang pulis ay may limang araw upang tumugon bago mangyari ang isang *pre-hearing* upang linawin ang anumang isyu, at pagkatapos ay ang buong pagdinig (*hearing*). Ang *hearing officer* ay gagawa ng rekomendasyon

para sa *disciplinary authority*, na mayroong 30 araw upang gumawa ng isang desisyon. Ang akusado ay may 10 araw upang mag-apela.

## CONTACT

**Phone:** (+63-2) 723-0401

**Address:**

PNP National Headquarters  
Camp General Crame  
Quezon City

**Website:** [pnp.gov.ph/portal/index.php/contact-us](http://pnp.gov.ph/portal/index.php/contact-us)

# INTERNAL AFFAIRS SERVICE

**Ang Internal Affairs Service (IAS) ay siyang tagapagbantay o watchdog ng PNP, ngunit napapaloob ito sa istruktura ng PNP, sa ilalim ng hepe (Chief PNP).**

## POSITIBO

**Makakatulong** – Kusa nitong isinasagawa ang sariling mga imbestigasyon kapag ang isang pulis ay gumamit ng baril; o kapag may namatay, nagtamo ng malubhang pisikal na pinsala o anumang paglabag sa karapatang pantao—kabilang ang *torture*—habang nagsasagawa ng *police operation*, o kapag ang isang tao ay nasa kustodiya ng kapulisan.

**Madaling mahanap** – Mayroon itong opisina ng panlalawigan, panrehiyon, at pambansa.

**Agarang lunas** – Maaaring suspindihin ng IAS ang mga pulis habang hinihintay ang resulta ng imbestigasyon.

**Maaaring mas ligtas** – Hindi mo kailangang humarap sa mga pulis na maaaring kasangkot sa pang-aabuso sa iyo. Maaaring suspindihin ng IAS ang isang pulis

kung may katibayan na sinusubukan ka o ang iyong mga saksi na gipitin, puwersahin, o impluwensiyahan.

**Mandatong pang-kriminal at administratibo** – Ayon sa batas, bukod sa pagsisiyasat ng mga parusang administratibo, may opisyal na kapangyarihan din ang IAS na mag-imbetiga at magsampa ng kasong kriminal laban sa mga pulis, bagaman sa aktwal na pangyayari ay hindi kilala ang institusyon na ito sa paghahain ng mga kriminal na kaso.

## NEGATIBO

**Hindi ganap na independiente** – Sa kabila ng layunin na magkaroon ng kasarinlan, ang mga opisyal na nakatalaga sa IAS ay nasasailalim pa rin ng istruktura ng PNP.

**Hindi gaanong makapangyarihan gaya ng inaasahan** – Maaari lamang itong magbigay ng rekomendasyon sa PNP (mga regional director ng PNP, Chief PNP, at mga commissioner ng NAPOLCOM) na siyang agpapatupad ng mga rekomendasyon o magpapaliwanag ng desisyon, ngunit walang sistema upang matiyak na nangyayari ito.

## PROSESO

Walang pumipigil sa iyo na dumiretso sa panrehiyon o panlalawigang opisina ng IAS na sakop ang lugar kung saan isinagawa ang *torture*, ngunit ang payo ng PNP ay piliin munang pumunta sa opisina sa munisipyo o lungsod, o kung nararapat, sa PLEB, kung mayroon man sa lugar ng pang-aabuso. Kung pinili mo ang IAS, halos kapareho ang proseso ng pagrereklamo sa PNP Command (tingnan ang pahina 10). Ang pinagkaiba lamang ay sa sandaling nagbigay ang IAS ng resolusyon, ang *disciplinary authority* ay may 30 araw upang kumilos tungkol dito. Kung walang aksyon, ang resolusyon ng IAS ay awtomatikong magiging desisyon ng *disciplinary authority* na siyang kailangang magpatupad ng nilalaman nito.

## CONTACT

**Phone:** (+63-2) 899-7504 (hotline)

**Address:**

Internal Affairs Service  
Philippine National Police  
Camp General Crame  
Quezon City

# NATIONAL POLICE COMMISSION

**Ang National Police Commission (NAPOLCOM) ang nagsusubaybay at nagiimbestiga ng mga anumalyang may kinalaman sa kapulisan, at siyang may pangunahing kapangyarihan sa maselang kasong pang-administratibo laban sa mga pulis.**

## POSITIBO

**Direkta** – Ang NAPOLCOM ay nangangasiwa ng administrasyon at operasyon sa PNP at may kapangyarihan itong suriin ang mga *disciplinary authority* na maaaring magpaikli sa proseso ng bukrasya.

**Agarang lunas** – Maaarang suspindihiin agad ng NAPOLCOM ang mga pulis habang hinihintay ang resulta ng imbestigasyon.

**Mas independiente** – Karamihan sa kapulungan o *board* ng NAPOLCOM ay mga sibilyan, at lahat ay inaasahang nagtapos sa unibersidad o may angkop na karanasan (halimbawa, sa karapatang pantao o hustisya).

**Madaling mahanap** – Mayroon itong mga tanggapan sa mga rehiyon.

## NEGATIBO

**Hindi ganap na independiente** – Ang hepe ng PNP ay miyembro ng *board*.

**Nakakalito** – Sa kabila ng pagkakaroon ng kapangyarihan sa mga seryosong kasong pang-administratibo, mayroong itong magkakatulad na saklaw ng kapangyarihan at nakakalitong klasipikasyon sa iba pang institusyong nakatutok sa mga reklamo laban sa mga pulis.

**Limitado ang tulong na maibibigay sa iyo sa pagkalap ng ebidensya** – Ang imbestigador/*hearing officer* ay umaasa lamang sa mga katibayang isinusumite sa kanila.

## PROSESO

Maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagsusulat o pagsasalaysay sa opisina ng NAPOLCOM na may kapangyarihan sa lugar kung saan isinagawa ang paglabag sa batas tulad ng *torture*. Maaari kang hindi magpakilala o lumagda



sa reklamo kung mayroon kang katibayan para sa iyong mga alegasyon. Ang proseso ay halos kapareho ng paghahain ng reklamo sa PNP Command (tingnan ang pahina 10).

## **CONTACT**

**Address:**

371 Sen. Gil J Puyat Ave  
Makati City

**Para sa mga address at telepono ng *regional offices* ng NAPOLCOM:**

[napolcom.gov.ph/DIRECTORY.htm](http://napolcom.gov.ph/DIRECTORY.htm)

# PEOPLE'S LAW ENFORCEMENT BOARD

Ang People's Law Enforcement Board (PLEB) ay nilikha sa ilalim ng mga lungsod at munisipyo. Sa mga lugar kung saan sila matatagpuan, ang institusyon na ito ay nagsisilbing unang takbuhan (*first port of call*) para sa anumang reklamo laban sa mga pulis.

## POSITIBO

**Independiente** – Hindi napapaloob sa institusyon ng kapulisan.

**Simple** – Bilang sentrong tanggapan ng mga reklamo laban sa mga pulis, mas simple ang proseso ng paghahain ng reklamo.

## NEGATIBO

**Hindi madaling mahanap** – Ang PLEB ay hindi matatagpuan sa lahat ng lugar, at ang pagkakaroon ng PLEB sa mga lokalidad ay nakasalalay sa kagustuhan at prayoridad ng lokal na pamahalaan.

Nagbabago ang mga miyembro nito sa bawat eleksyon at hindi lahat ay may angkop na karanasan upang magpasya sa mga kaso laban sa mga pulis.

**Desentralisado** – Wala itong punong-tanggapan na sumusubaybay sa mga kasong dinidesisyunan o dinidinig ng bawat PLEB.

**Limitadong kapangyarihan** – Maaari lamang itong magrekumenda sa mas nakatataas na opisyal (*superior*) ng isang pulis upang magpataw ng *preventive suspension* nang hanggang 90 araw, at hindi malinaw kung may sistema ang PLEB para masubaybayan ang pagpapatupad sa mga rekomendasyon nito.

**Limitado ang tulong na maibibigay sa iyo sa pagkalap ng ebidensya** – Ang imbestigador/*hearing officer* ay umaasa lamang sa mga katibayang isinusumite sa kanila.

**Walang apela** – Maliban kung ang nasasakdal na pulis ay napatunayang may sala at ang parusa ay pagpapababa sa ranggo (*demotion*), o pagkatanggal sa trabaho.

## **PROSESO**

Maaari kang maghain sa opisina ng PLEB kung saan ginawa ang paglabag sa pamamagitan ng *verbal* o *written complaint*. Maaari ring hindi magpakilala o lumagda sa reklamo kung mayroon kang katibayan ng iyong alegasyon.

## **CONTACT (PARA SA KARAGDANG IMPORMASYON TUNGKOL SA LOCAL PLEBS):**

Phone: (+63-2) 895-6420

### **Address:**

Atty Ronaldo T Reyes

Chairperson of PLEB Makati and President of the PLEB  
Association of the Philippines



# **MGA INSTITUSYONG INDEPENDIENTE (INDEPENDENT BODIES)**

**OFFICE OF THE OMBUDSMAN**

**NATIONAL PROSECUTION SERVICE, DEPARTMENT OF JUSTICE**

**CIVIL SERVICE COMMISSION**

**COMMISSION ON HUMAN RIGHTS**

# OFFICE OF THE OMBUDSMAN

Ang Ombudsman ay ang siyang "tagapangalaga ng mga mamamayan" na may tungkuling siyasatin ang anumang ilegal, hindi matuwid, mali o hindi mahusay na gawain ng isang opisyal ng pamahalaan (*public official*) o tanggapan ng gobyerno (*public office*).

Hindi ka maaaring maghain ng kasong administratibo dito kung nakapag-file ka na nito sa ibang institusyon.

## POSITIBO

**Makapangyarihan** – Maaari itong pumasok at magsiyasat sa tanggapan ng anumang kinatawan ng pamahalaan (kabilang na ang mga istasyon ng pulis, kulungan at bilangguan), at magsuri ng anumang dokumentong may kinalaman sa isang kaso. Maaari itong magbigay ng *immunity* mula sa prosekusyon ng mga saksi. Saklaw ng kapangyarihan nito ang lahat ng opisyal ng pamahalaan, maliban sa mga miyembro ng kongreso, hukuman, at mga opisyal na maaari lamang maalis sa tungkulin sa pamamagitan ng *impeachment*.

**Maaaring sabay na mag-imbesta sa mga kasong administratibo at kriminal ang Ombudsman.**

**Matulungin** – Maaaring magsagawa ng mga *fact-finding investigation* na makakatulong na palakasin ang iyong kaso.

## NEGATIBO

**May tanyag o *deadline* ang dinidinig na mga kaso** – Maaaring hindi tanggapin ang mga kasong administratibo kung ihinain ito nang higit sa isang taon matapos ang pangyayari.

**Makitid na pokus** – Sa kasalukuyan, tila mas interesado ito sa mga kaso ng pagnanakaw sa kaban ng bayan at katiwalian sa pamahalaan kaysa sa *torture*.

**Hindi madaling mahanap** – Matatagpuan lamang ang opisina nito sa Metro Manila, Cebu, at Davao.

**Walang apela** – Kung ang akusado ay napawalang-sala, wala kang posibilidad na maghain ng apela.

## **PROSESO**

Ang Ombudsman ay tumatanggap ng reklamo sa pamamagitan ng pagkukuwento ng mga pangyayari o ng sinumpaang salaysay. Tinatanggap lamang ang anonymous na reklamo sa mga bukod-tanging pangyayari.

### ***MGA CRIMINAL COMPLAINT***

Ang *investigating officer* ang nagsusuri ng reklamo at maaari itong ma-dismiss, ma-refer sa ibang opisina para sa administratibong paghuhukom (*administrative adjudication*), mapasa sa angkop na tanggapan para sa paghahanap ng karagdagang impormasyon (halimbawa, ang National Bureau of Investigation), maindorso sa iba pang tanggapan ng pamahalaan (halimbawa, ang NAPOLCOM), o mapasailalim sa *preliminary investigation*.

Kung ito ay matuloy sa *preliminary investigation*, ipapadala ang isang kopya ng reklamo at mga kaakibat na dokumento sa akusado upang bigyan ito ng pagkakataong tumugon. Maaaring magkaroon ng pagdinig o *hearing* upang linawin ang ebidensya. Magpapadala ang imbestigador ng kanyang resolusyon sa mga itinalagang awtoridad para sa kaukulang aksyon.

Mayroon kang 15 araw upang humingi ng *reconsideration* sa Ombudsman o Deputy Ombudsman. Pagkatapos, ihahain sa korte ang isang “*information*” o *criminal complaint*.

### ***MGA ADMINISTRATIVE COMPLAINT***

Maaari kang magpasimula ng kasong administratibo sa pamamagitan ng isang sinumpaang salaysay, at ng katibayan ng “no forum shopping”. Ang mga reklamong ito ay maaaring aksyunan ng Ombudsman o Deputy Ombudsman. Pagkatapos masuri ang reklamo, maaari itong: ma-dismiss, ma-refer sa ibang tanggapan para sa karagdagang pagkalap ng ebidensya o iba pang pang-administratibong proseso, o maitala bilang kasong administratibo. Kung mangyari ito, may 10 araw ang akusado para tumugon. Maaaring ibasura ng *investigating officer* ang kaso, o humingi ng karagdagang ebidensya at magsagawa ng pagdinig para bigyang linaw ang kaso, na maaaring magresulta sa isang pormal na imbestigasyon na may pagdinig, kung saan magbibigay ng testimonya at iko-cross-examine ang mga saksi sa kaso. Matapos ito, magsusumite ang *investigating officer* ng kanyang mga rekomendasyon sa Ombudsman.

Sa sandaling maaprubahan ito ng Ombudsman, at kung napatunayang may pagkakasala, may 10 araw ang akusado upang humingi ng reconsideration, o 15 araw para maghain ng apela. Hindi ka maaaring mag-apela.

## **CONTACT**

Phone: (+63-2) 926-2662 (hotline)  
(+63) 926-699-4703 (SMS hotline)  
(+63-2) 479-7300 (office)

### **Address:**

Ombudsman Building  
Agham Road  
North Triangle  
Quezon City

**Website:** [www.ombudsman.gov.ph](http://www.ombudsman.gov.ph)

**Email:** [pab@ombudsman.gov.ph](mailto:pab@ombudsman.gov.ph)





# NATIONAL PROSECUTION SERVICE, DEPARTMENT OF JUSTICE

**Ang National Prosecution Service (NPS) na bahagi ng Philippine Department of Justice ang siyang ahensyang may pangunahing tungkulin na ipatupad ang batas.**

## POSITIBO

**Madaling mahanap** – Mayroong *prosecutor* sa bawat lungsod at probinsya, at may *special prosecutor* sa pambansang tanggapan nito sa Manila.

**Masmabilis** – Ang paghahain ng reklamo direkta sa mga *prosecutor* na hindi dumadaan sa CHR ay maaaring masmabilis kumpara sa paghahain ng kasong kriminal sa korte.

**Masligtas** – Ang Department of Justice ay may *Witness Protection Program* na tumutulong siguruhin ang kaligtasan ng mga saksi.

## NEGATIBO

**Limitado ang tulong na maibigay sa iyo sa pagkalap ng ebidensya** – Ang mga *prosecutor* ay umaasa lamang sa mga katibayang isusumite mo at ng akusado.

**Hindi laging independiente** – Sa ibang lugar, may malapit na relasyon ang mga *prosecutor* sa mga lokal na pulis na maaaring makaimpluwensiya sa kanilang desisyon.

## PROSESO

Kailangan mong ihain ang iyong reklamo sa harap ng *prosecutor* ng lungsod o probinsya kung saan nangyari ang pag-torture sa iyo o sa iyong kapamilya. Maaari ka ring dumiretso sa NPS *national office* na mayroong mga special prosecutor para sa mga kaso gaya ng *torture*.

Ang mga mabigat na kaso (gaya ng mga nagreresulta sa pagkamatay, pinsala, kawalan ng lakas sa paggawa nang mahigit sa 30 araw, pagkabiliw, amnesia o pagkakaroon ng pagnanais na magpatiwakal (*suicidal tendencies*), o may kasamang panggagahasa, o kapag ito ay ginawa sa mga bata), ay kinakailangang sumailalim sa *preliminary investigation*. Maaaring ma-dismiss ang kaso kung walang sapat na ebidensya. Kapag ito ay natuloy, ihanda ng *prosecutor* ang isang resolusyon. Mayroong 15 araw ang akusado upang maghain ng *motion for reconsideration*. Sa sandaling makumpleto at maging pinal ang resolusyon,

ipa-file ang *information* o *criminal complaint* sa korte. Maaaring mag-apela laban sa resolusyon sa Department of Justice (o sa Regional State Prosecutor para sa mas magaan na mga kaso).

Maaring idiretso ang paghahain sa korte ng mga mas magaan na kaso, kabilang na ang di makataong pagtrato na nagresulta sa kawalan ng lakas sa paggawa nang hindi lalampas sa 30 araw.

## CONTACT

**Phone:** (+63-2) 521-2930  
(+63-2) 523-8481 local 403

**Address:**  
DOJAC Main Office G/f  
Forum Building  
Padre Faura Street  
Ermita  
Manila

**Email:** [dojac@doj.gov.ph](mailto:dojac@doj.gov.ph)

**Para sa karagdagang impormasyon patungkol sa NPS,  
at sa *city at regional prosecutors*:**

[www.doj.gov.ph/national-prosecution-service.html](http://www.doj.gov.ph/national-prosecution-service.html)

# CIVIL SERVICE COMMISSION

**Ang Civil Service Commission (CSC) ay ang pangunahing ahensyang nangangasiwa sa mga empleyado ng gobyerno.**

## **POSITIBO**

**Madaling malapitan** – Mayroong opisina ang CSC sa mga rehiyon at maaaring maghain ng mga reklamo sa lokal na tanggapan ng ahensya ng pamahalaan na kinabibilangan ng akusado.

**Makapangyarihan** – Maaaring suspindihin at i-dismiss ng CSC ang mga kawani ng gobyerno (*civil servants*), kabilang na ang mga pulis.

## **NEGATIBO**

**Makitid na pokus** – Bagaman maaari kang dumiretso sa CSC, karamihan sa mga kasong hinahawakan nito ay mga apela sa desisyon ng iba't ibang ahensya ng gobyerno (kabilang na ang PNP).

**Hindi ganap na independiente** – May mga pagkakataon na humihingi ng tulong ang CSC mula sa mga abugado ng PNP upang magsagawa ng *preliminary investigation*, na maaaring maging problema para sa mga kaso ng *torture* na may kinalaman sa kapulisan.

**Walang apela** laban sa desisyon na nagpawalang-sala sa nang-abuso sa iyo.

## PROSESO

Isumite ang lahat ng reklamo na may kasamang sinumpaang salaysay (*under oath and in writing*) sa punong-tanggapan ng CSC o sa mga *regional office* nito, o sa lokal na tanggapan ng ahensya ng pamahalaan kung saan nabibilang ang akusado (halimbawa, ang PNP). Ang mga *anonymous* na reklamo ay kailangang suportado ng ebidensya. Tutugon ang nasasakdal sa ilalim ng panunumpa, at magkakaroon ng *preliminary investigation* kung saan maaaring hingin sa iyo at sa akusado na bigyang-linaw ang ilang isyu o detalye ng kaso. Isusumite ng imbestigador ang ulat at rekomendasyon sa *disciplining authority* (halimbawa, ang PNP), na maaaring i-dismiss ang reklamo, o atasan ang akusado na sagutin ang reklamo. Maaari ring suspindihin ng *disciplining authority* ang akusado sa panahong ito.

Maaaring magsagawa ng isang pormal na imbestigasyon, kabilang na ang *pre-hearing*, kung kailangang siyasatin ang katotohanan ng mga impormasyon. Sa pagtatapos ng pormal na imbestigasyon, isusumite ng imbestigador ang isang ulat na may kasamang rekomendasyon sa *disciplining authority*, na mayroong 30 araw upang umaksyon.

## CONTACT

**Phone:** (+63-2) 951-2575  
(+63-2) 951-2576  
(+63-2) 932-0111  
(+63) 917-839-8272 (SMS hotline)

**Address:**

Civil Service Commission  
Constitution Hills  
Batasang Pambansa Complex Diliman  
Quezon City

**Website:** [www.csv.gov.ph](http://www.csv.gov.ph)

# COMMISSION ON HUMAN RIGHTS

**Ang Commission on Human Rights (CHR) ay isang independienteng institusyon na naatasang angalagaan ang karapatang pantao ng lahat ng mga mamamayan sa Pilipinas at ng mga Pilipinong naninirahan sa ibang bansa.**

## POSITIBO

**Proactive at matulungin** – Ang mga imbestigador mula sa CHR ay maaaring mas masigasig sa pagsisiyasat, ngunit ang tulong na maibibigay nila ay nakasalalay sa kanilang kakayahan.

**Madaling malapitan** – Mayroon itong mga tanggapan sa mga rehiyon.

**Mayroon itong limitadong programa na nagbibigay ng proteksyon para sa mga saksi at biktima (*witness and victims' protection program*)**

## NEGATIBO

**Limitadong kapangyarihan** – Maaaring mag-imbestiga ang CHR, ngunit ang mga resolusyon nito ay rekomendasyon lamang.

**Mahabang proseso at matagal** – Kahit naibigay mo na ang iyong katibayan sa CHR, kailangan mo uling isumite ito sa Ombudsman, *prosecutor*, o sa anumang institusyon kung saan ini-refer ng CHR ang iyong kaso.

## PROSESO

Maaari kang maghain ng iyong reklamo direkta sa tanggapan ng CHR sa rehiyon ng pinangyarihan ng torture, o dumaan sa Barangay Human Rights Action Center. Isang imbestigador, abugado, o quick response team ang maaaring maatasan na alamin ang mga pangunahing impormasyon na may kinalaman sa iyong kaso. Kung inerekumenda ang isang public inquiry, iimitahan ka at ang akusado ng CHR Regional Director na dumalo sa isang pagpupulong upang talakayin ang mga sunod na hakbangin. Kung kailangan ng mas malawak na imbestigasyon, magsusumite ng ulat ng imbestigasyon (investigation report) ang imbestigador, na siyang magsisilbing resolusyon ng CHR. Makikita sa dokumentong ito kung sinong awtoridad ang kailangang magsagawa ng karagdagang pagsisiyasat upang makapagdesisyon ang CHR, kung mayroong ebidensya ng paglabag sa iyong karapatang pantao, at kung karapat-dapat kang tumanggap ng tulong pinansyal.

## **CONTACT**

**Phone:** (+63-2) 928-5655  
(+63-2) 926-6188

**Address:**

Commission on Human Rights  
SAAC Building  
Commonwealth Avenue  
UP Complex  
Diliman  
Quezon City

**Para sa rehiyonal na tanggapan ng CHR:**

[www.chr.gov.ph/MAIN%20PAGES/contact\\_us.htm](http://www.chr.gov.ph/MAIN%20PAGES/contact_us.htm)

# 4. SAAN MAAARING PUMUNTA PARA SA KARAGDAGANG PAYO O SUPORTA





## **AMNESTY INTERNATIONAL PHILIPPINES**

Ang sangay ng Amnesty International sa Pilipinas na naninidigan upang wakasan ang mga kaso ng pang-aabuso sa karapatang pantao.

**Phone:** (+63-2) 376-4342

**Address:**

18 A Marunong St  
Barangay Central  
Quezon City

**Website:** [www.amnesty.org.ph](http://www.amnesty.org.ph)  
[www.facebook.com/amnestyph](https://www.facebook.com/amnestyph)

**Email:** [section@amnesty.org.ph](mailto:section@amnesty.org.ph)

## **BALAY REHABILITATION CENTER INC**

Isang organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo gaya ng *psychosocial relief* at rehabilitasyon para sa mga nakaranas ng paglabag sa kanilang karapatang pantao, partikular sa mga *survivor* ng *torture*.

**Phone and Address:**

(+63-2) 921-6301  
#25 Maalindog Street  
UP Village

(+63-64) 278 3355  
Diliman Quezon City  
#023 Villamarzo Street  
Kidapawan City  
North Cotabato

**Website:** [www.balayph.net](http://www.balayph.net)

## **CHILDREN'S LEGAL RIGHTS AND DEVELOPMENT CENTER INC (CLRDC)**

Isang organisasyon na mapagkukunan ng impormasyong legal tungkol sa karapatan ng mga bata.

**Phone:** (+63-2) 433-3199

**Address:**

4/f, Room 401-B  
CRM Building III  
106 Kamias Road  
Quezon City

**Website:** [clrdc.wordpress.com](http://clrdc.wordpress.com)

**Email:** [children\\_legalrights@yahoo.com](mailto:children_legalrights@yahoo.com)

## **FREE LEGAL ASSISTANCE GROUP OF THE PHILIPPINES (FLAG)**

Isang pambansang organisasyon ng mga abugado na nagbibigay ng libreng tulong at payong legal para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao.

**Phone:** (+63-2) 475-7159

**Address:**

c/o Sanidad Law Offices  
2/f East Side Bldg  
77 Malakas Street  
Brgy. Piñahan, Diliman  
Quezon City

**Email:** [flag@flag.com.ph](mailto:flag@flag.com.ph)

## **HUMANITARIAN LEGAL ASSISTANCE FOUNDATION (HLAF)**

Isang organisasyong naglalayong lutasin ang problema ng hindi makatao at hindi makatarungang pagkakulong o detensyon sa pamamagitan ng direktang legal na aksyon at adbokasiyang politikal.

**Phone:** (+63-2) 634-8720

**Address:**

Medical Plaza Ortigas  
25 San Miguel Avenue  
Ortigas Center  
Pasig City

**Website:**

[www.facebook.com/hlafphil](http://www.facebook.com/hlafphil) [www.hlafphil.org](http://www.hlafphil.org)

**Email:** [ed.hlaf@gmail.com](mailto:ed.hlaf@gmail.com)

## **KARAPATAN**

Isang alyansa ng mga indibidwal, grupo, at organisasyon na naglalayong itaguyod at protektahan ang mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pagibigay ng legal na tulong at *welfare assistance* sa mga *political prisoners* at biktima ng paglabag sa *human rights*.

**Phone:** (+63-2) 435-4146

**Address:**

No. 1 Maaralin cor Matatag  
Barangay Central  
Quezon City

**Website:**

[www.karapatan.org](http://www.karapatan.org) [www.facebook.com/Karapatan](http://www.facebook.com/Karapatan)

**Email:** [karapatan@karapatan.org](mailto:karapatan@karapatan.org)

## **MEDICAL ACTION GROUP (MAG)**

Isang organisasyon ng mga propesyonal sa medisina at estudyante na nagsisikap magbigay ng *preventive, curative, at rehabilitative* na serbisyong medikal sa mga biktima ng paglabag sa mga karapatang pantao.

**Phone:** (+63-2) 994-0259  
(+63) 928-905-5920

**Address:**  
129-D Matatag Street  
Barangay Central  
Quezon City

**Website:**  
[www.magph.org](http://www.magph.org)  
[www.facebook.com/medicalactiongroup](https://www.facebook.com/medicalactiongroup)

## **PEOPLE’S RECOVERY, EMPOWERMENT AND DEVELOPMENT ASSISTANCE FOUNDATION (PREDA)**

Isang organisasyong nagbibigay ng serbisyong *rescue, treatment at recovery* para sa mga batang pisikal na inabuso. Tumutulong din ang PREDA sa pag-iimbestiga at pagsasakdal ng mga may sala.

**Phone:** (+63) 47 222-4994  
(+63) 47 223-9629  
(+63) 917-532-4453 (hotline)

**Address:**  
Upper Kalaklan  
Subic Bay  
Olongapo City

**Website:** [www.preda.org](http://www.preda.org)

**Email:** [predainfo@preda.org](mailto:predainfo@preda.org)

## **THE PHILIPPINE ALLIANCE OF HUMAN RIGHTS ADVOCATES (PAHRA)**

Isang alyansa ng mga indibidwal at organisasyon na naglalayong itaguyod, protektahan, at ipalaganap ang karapatang pantao sa Pilipinas sa pamamagitan ng adbokasiya.

**Phone:** (+63-2) 436-2633

**Address:**  
53-B Maliksi Street  
Barangay Pinyahan  
Quezon City

**Website:** [www.philippinehumanrights.org](http://www.philippinehumanrights.org)

## **TASK FORCE DETAINEES OF THE PHILIPPINES (TFDP)**

Isang organisasyong nagtatanggol at nagtataguyod sa mga karapatan at interes ng mga *political prisoner* at iba pang biktima ng paglabag sa karapatang pantao.

**Phone:** (+63-2) 437-8054  
(+63-2) 995-0246  
(+63-2) 911-3643

**Address:**

#45 St. Mary Street  
Cubao  
Quezon City

**Website:**

[www.tfdp.net](http://www.tfdp.net)

**NOTES:**



Ang Amnesty International ay isang pandaigdigang kilusan ng higit sa 3,000,000 na mga tagasuporta, mga kasapi at mga aktibista sa higit sa 150 bansa at teritoryo, na naninindigan upang wakasan ang pang-aabuso sa mga karapatang pantao.

Layunin namin na matamasa ng bawat tao ang kanilang karapatan na napapaloob sa Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao (*Universal Declaration of Human Rights*) at iba pang mga internasyonal na pamantayan ng karapatang pantao.

Kami ay di napapasailalim sa anumang gobyerno, ideolohiyang pulitikal, pang-ekonomiyang interes, o relihiyon, at ang pondo namin ay mula sa aming mga miyembro at mga pampublikong donasyon.

**[amnesty.org.ph](http://amnesty.org.ph)**

Amnesty International Philippines  
18 A Marunong St., Bgy. Central  
Quezon City 1100  
Philippines

Tel: (+63-2) 376-4342  
Email: [section@amnesty.org.ph](mailto:section@amnesty.org.ph)

Index: ASA 35/003/2014 Tagalog  
July 2014

## MANINDIGAN LABAN SA TORTURE

Kung ikaw ay sinadyang saktan o pahirapan sa anumang paraan, pinarusahan, tinakot o pinagbantaan ng isang tao mula sa gobyerno o ng sinumang may kapangyarihan upang makakuha ng impormasyon o ng pag-amin ng kasalanan, ikaw ay tinorture.

Ito ay ilegal sa lahat ng pagkakataon, at sa ilalim ng batas ng Pilipinas at *international law*, ikaw ay may karapatan sa hustisya, bayad-pinsala o "danyos", at iba pang uri ng lunas.

Kung ikaw mismo o may kilala kang tinorture, maaari mong gamitin ang gabay na ito upang malaman at maintindihan ang mga institusyong maaaring tumulong— kabilang na ang mga positibo at negatibong aspeto ng bawat isa, at prosesong pagdadaan para sa paghahain ng reklamo.

[amnesty.org.ph](https://www.amnesty.org.ph)

